(PO - Deputy Speaker Fuentebella)

REP. VELARDE. ...distinguished Gentleman from Anakpawis Party-List, the Honorable Crispin Beltran, Mr. Michichiro “Hiro” Ishibashi, Senior Specialist on Workers’ Activities, International Labor Organization, Subregional Office for Southeast Asia and the Pacific; Kilusang Mayo Uno; SALIGAN; Center for Trade Union and Human Rights; PS Link; Aksyon Manggagawa; Samahan ng Manggagawa sa Ren Transport; National Federation of Workers’ Union; YURI – Cabuyao; Mga Manggagawa ng Hanjin Cabuyao; Ilaw at Buklod ng Manggagawa, Association of Genuine Labor Organizations; Association of Democratic Labor Organizations; PISTON; Mga Manggagawa ng Triumph; Kilusan ng Manggagawang Kababaihan.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Fuentebella). The House extends its warm welcome to your group.

REP. VELARDE. And Piglas – Manila Bay Union; SICAP – Makati; Rise Up for Food Youth Network; National Federation of Labor Unions; NSMR – ADLO; Pagkakaisa ng mga Manggagawa sa Timog Katagalugan (PAMANTIK); BANAL – OLALIA; MUSTAD – ADLO – KMU; Tambisan sa Sining; Ecumenical Institute for Labor Research; Institute for Occupational Health Safety and Development; KMU – National Capital Region; Laws Textile Union; SMJSEC; Samahan ng Manggagawa sa Jardine-Schindlers Elevators Corp.; Republic Asahi Glass Labor Union.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Fuentebella). Welcome.

REP. VELARDE. May we recognize the distinguished Gentleman from Anakpawis Party-List, the Honorable Crispin Beltran, to rise on a personal and collective privilege.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Fuentebella). What's the pleasure of the distinguished Gentleman from Anakpawis?

REP. BELTRAN. Thank you, Mr. Speaker. I…

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Fuentebella). Is the Gentleman standing up on a question of personal and collective privilege?

REP. BELTRAN. Yes, Your Honor.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Fuentebella). Will you please state the nature of your personal and collective privilege.

REP. BELTRAN. On the matter of the personal and collective privilege to bring forth to this august Body the urgent need to consider the legislation of an across-the-board wage increase in the daily minimum wages of Filipino workers.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Fuentebella). Gentleman may proceed. He has ten minutes.

REP. BELTRAN. Thank you, Mr. Speaker.

QUESTION OF PRIVILEGE OF REP. BELTRAN

REP. BELTRAN. Mr. Speaker, malapit na ang pagdiriwang ng International Labor Day subalit tila walang dapat ipagkasaya ang mga manggagawa dahil walang makabuluhang dagdag na sahod na maibibigay ang gobyerno at ang employer sa ating mga manggagawa.

Nitong mga nakaraang linggo, binagsakan ng napakabigat na pasanin ang mga manggagawa dahil sa sobra at di makataong pagtaas ng presyo ng bigas, pagkain at panibagong pagtaas ng presyo ng langis.

Mr. Speaker, pitong taon na na nakahapag sa Kongresong ito ang panukala para sa isang legislated wage increase simula noong 12th Congress. Marami-raming mambabatas ang nagpahayag ng suporta kaugnay ng panukalang inakda ng Kinatawang ito at iba pang katulad na panukalang batas na naglalayong magtaas ng minimum wage tulad ng kay Rep. Barinaga. Noong 13th Congress, umabot na sa Third and final Reading ang panukala, subalit dahil sa atas ng Malakanyang ay nagawang ibasura ito. Labis na nakalulungkot na pagkatapos ng mahabang panahong pagsisikap ng mga manggagawa para ipanawagan ang legislated wage hike ay walang-pakundangang itinapon ng kanila mismong mga inihalal na kinatawan!

Sa mahabang panahon ng pagkakabuo noong 1987 ng mga regional wage boards ay maswerte na kung isang beses sa isang taon…/amc

(PO – Deputy Speaker Fuentebella)

REP. BELTRAN. ... isang beses sa isang taon ay nakapagbibigay ng dagdag na sahod ang mga ito. Pero sa katotohanan, hindi lahat ng regional wage boards ay nagbibigay ng dagdag na sahod, at kung magbigay man, ay sampu hanggang labing-limang piso lamang ang karaniwang itinataas. Ang pinakamalaking naibigay nito ay halagang P25.00 noong panahon ni Pangulong Estrada. Paano pa kaya makakaagapay ang P200.00 hanggang P325.00 arawang sahod na halos P800.00 ang cost of living para sa isang pamilyang may anim na miyembro?

Mr. Speaker, ipagpaumanhin lang, nais kong tanungin ang Kapulungang ito—makakaya ninyo ba at ang inyong pamilya na mabuhay sa halagang P300.00 hanggang P400.00 sa loob ng isang araw? Siyempre, ang sagot ay hindi. Huwag nang banggitin pa ang iba pang pangangailangang panlipunan ng isang tao tulad ng education, rest and recreation, at iba pang aktibidad in pursuit for personal uplift and advancement. Iilan lamang sa ating lipunan ang nagpapasasa sa ganitong maalwang buhay. Maituturing nga itong isa sa mga luho kung ang pamantayan ay third world na sukatan. Sa mga banyagang taga-Europa na nakakakita ng tindi ng kahirapan ng buhay ng mga taga-Payatas, hindi sila makatulog sa katotohanang ito. Hindi nila maubos maisip na may ganito palang sub-human living conditions na nangyayari sa ibang bansa, sa ibang parte ng mundo.

Ginoong Speaker, ang sinasabing tripartism sa loob ng regional wage boards na binubuo raw ng kinatawan ng manggagawa ng gobyerno at ng

negosyo, ay isang mapait na katotohanan na naging mekanismo ito upang pasunurin ang gobyerno at mga dilawang unyon na nakaupo rito sa bawa't naisin ng kapitalista. Kung kaya't walang nakukuhang makatarungang dagdag na sahod ang nga manggagawa sa mga regional wage boards.

Kung tutuusin, hindi na dapat mamalimos ang mga manggagawa para sa ikabubuti ng kanilang tayo sa buhay. Ang isang gobyerno na may responsibilidad at nagmamalasakit sa mamamayan ang dapat pangunahing nagtitiyak na nabubuhay nang masagana, marangal at maligaya ang kanyang mamamayan. Bakit nga ba napakatigas ng puso ng gobyerno sa kahilingan ng mga manggagawa para sa isang legislated wage increase?

Ang isa pang talamak at paulit-ulit na dahilan ng mga kapitalista ay inflationary daw ang pagtaas ng sahod ng mga manggagawa. Isa itong malaking kamalian. Ang inflation ay pangunahing nagmumula sa kawalan ng isang estableng ekonomiya ng isang bansa, kung kaya't sa bawa't pagbabago ng kanyang kapaligiran o sa global market ay nayayanig siya. Ang dapat na punahin at tutulan ng mga kapitalista ay ang pagtambak ng mga dayuhang produkto dito sa ating bansa—maging agrikultural o manupaktura man. Tulad ng kasalukuyang krisis sa bigas, ito ay sanhi ng massive land-use conversion para magamit sa export-crop production sa halip na taniman ng bigas at mais. Bunga ito ng polisiya na hindi ginawang priyoridad at nasa disbentahe ang ating agrikultura sa isang ekonomiyang .../nts

(PO – Deputy Speaker Fuentebella)

REP. BELTRAN. ...sa isang ekonomiyang naka-asa sa pag-import ng yaring produkto at pagluwas ng low-value added na export.

Mr. Speaker, ang dapat na tuligsain nila ay ang gobyernong ito na sunud-sunuran lamang sa mga dayuhang higanteng korporasyon at sa mga kontrolado nitong financial institution tulad ng IMF, World Bank at WTO na nagsulong ng patakarang globalisasyon tulad ng "structural adjustments" at dependence sa loans sa halip na magtayo ng mga vital industries. Pinatunayan na ang pagsali natin sa WTO ay isang kapahamakan at walang nagawa ang mga sinasabing safety nets na iyan!

Mr. Speaker, may two-steps na panukala ang inyong Kinatawan sa layuning mapagaan ang paghihikahos ng ating mamamayan – ang mga manggagawa, maralitang-lungsod at ang mga magsasaka. Ang una na nga ay ang legislated wage increase upang matamo ang substansyal na kahilingan ng mga manggagawa na aking tinalakay sa unahan.

Ang pangalawa ay ang alisin ang VAT sa langis upang makapagbigay ng kahit kaunting ginhawa sa mga konsyumer. Ang pag-alis ng VAT ay direktang magreresulta sa dagdag na kita na nagkakahalaga ng P123 kada araw para sa 426,572 jeepney drivers at P19 dagdag na kita para sa 581, 578 tricycle drivers, P50 dagdag na kita naman para sa 708,000 na maliliit na mangingisda sa bansa. Ayon na mismo sa Department of Energy, ang pag-alis ng VAT sa LPG ay makatitipid ng P59 kada 11-kg tanke para sa 8.6 milyong kabahayang gumagamit ng Liquefied Petroleum Gas.

Mr. Speaker, kahapon may pagkilos ang mga manggagawa sa harap ng Kongreso para igiit na maging pangunahing agenda ito sa pagbubukas ng ika-14 na Kongreso upang maipasa ang P125 na dagdag na sahod para sa mga kawani ng gobyerno at pribado, para sa kawani ng gobyerno na P3,000 across-the-board. Muling dumudulog ang mga manggagawa sa Kapulungang ito upang tugunan natin ang usaping ito.

Kaya, Mr. Speaker, hinihiling ng Kinatawang ito sa pamamagitan ng Committee on Labor and Employment na bagamat may personal nang pahayag ang ating Chairman, Representative Gunigundo, na hindi kailangan ang pagsasabatas pa ng dagdag na sahod, with due respect to my colleague, na bigyan pa rin niya ng due course at agarang i-agenda ang H.B. No. 1722. Nananawagan ang Kinatawang ito, na masusing pag-aralan ng mga kagalang-galang na mga Kinatawan sa ika-14 na Kongresong ito na buksan ang kanilang mga puso at isipan para matugunan ang matagal nang kahilingang ito ng mga manggagawa. /ala

(PO – Deputy Speaker Fuentebella)

REP. BELTRAN. … kahilingang ito ng mga manggagawa . Sang-ayon dito, gusto nating balikan uli o revisit - - i-revisit ang napakahalagang provision ng Constitution na ang layon ay magkaroon tayo ng social justice dito sa ating bansa.

The constitutional provision on social justice and human rights mandates Congress to give highest priority to the enactment of measures that protect and enhance the right of all people on human rights and dignity, reduce social, economic and political inequalities by equitably diffusing weakness and power for the common good. It is in Article XIII, Section 1 of the Constitution.

Mr. Speaker, kapag hindi ito matugunan dito sa Kongresong ito, saan pa ito matutugunan? Kung hindi tayo makikinig, kanino pa sila maghahapag ng kahilingan? Hindi ba tayo ang kanilang inihalal para maging kinatawan sa Kapulungang ito? Kung tunay ngang ang batas ay para sa mga kapos sa kabuhayan, kung gayon, nasa ating balikat ang pagsasabuhay nito.

Inaasahan ng inyong Lingkod ang pakikiisa at suporta para sa agarang pagsasabatas ng H.B. 1722 na sumasalaimin sa makatarungan at makataong kahilingan ng ating mga kapatid na manggagawa. Mangyaring i-certify na priority legislative agenda ang panukalang batas na ito ng kapulungang ito.

Maraming salamat, Mr. Speaker

Nais na ring samantalahin ng Kinatawang ito ang paanyaya sa Kapulungang ito na dumalo sa Legislators Forum on Labor Rights ngayong hapon, ala una hanggang alas cuatro. Kasama natin dito ang International

Labor Organization Senior Representative, Mr. Hiro Ishibashi, Senior Specialist for Workers Activities ng ILO for Asia Pacific Sub-Regional Office.

Thank you, Mr. Speaker. Nandidiyan sila lahat na mga bisitang ito na kinumbida natin dito na para makinig sa atin kung ano ang gagawin ng Kapulungang ito.

Mr. Speaker, ako po ay magkakaroon ng pagpirma ng P125.00 across-the-board. Nandidito po ang pirmang ito at kinukumbida ng Kinatawang ito ang lahat ng mga Miyembro ng Kapulungang ito, mga kapwa ko Kongresista, para suportahan natin ang House Bill 1722.

Maraming salamat po. Pipirmahan ko ito sa harap ninyo.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Fuentebella). Very well. Majority Floor Leader please. (*Applause*)

REP. VELARDE. Mr. Speaker, we move to refer the speech of the Honorable Beltran to the Committee on Rules.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Fuentebella). Any objection? (*Silence*). There being none; the same is approved.

REP. VELARDE. Mr. Speaker, we move to recognize the distinguished Gentleman from the Lone District of Tawi-Tawi, the Honorable Nur Jaafar, to rise on a personal and collective privilege.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Fuentebella). The distinguished Gentleman from Tawi-Tawi, the Honorable Nur Jaafar, is recognized.

QUESTION OF PRIVILEGE OF REP. JAAFAR

REP. JAAFAR. Thank you, Mr. Speaker.

Honorable Speaker and distinguished Members of the House, I rise before this august Chamber in consonance with the call of countless peoples of the world who have congregated their efforts for a collective international crusade…/lab